Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa pandiwa

Panuto: Magsulat ng tsek (✓) sa patlang kung ang salitang may salungguhit ay pandiwa. Kung ang salita ay hindi pandiwa, magsulat ng ekis (✗) sa patlang.

_____ 1. Puntahan mo ang kapatid mo sa kuwarto niya.

_____ 2. Baka kailangan niya ang tulong mo.

_____ 3. Ano ang gagawin mo sa mga larawan at karton na ito?

_____ 4. Gagawa po ako ng *diorama* ng tirahan ng mga hayop.

_____ 5. Ang mga larawan na ito ay gugupitin ko.

_____ 6. Ididikit ko ang mga larawan sa kartulina.

_____ 7. Heto na ang gunting na hiniram ko kay Ate Weng.

_____ 8. Hihingi ako ng papel na may kulay kay Nanay.

_____ 9. Maaari tayong gumamit na bulak para sa mga ulap.

_____ 10. Alin sa mga hayop dito ang paborito mo?

_____ 11. Ang leon ang pinakagusto ko.

_____ 12. Ilang hayop ang ilalagay mo sa *diorama*?

_____ 13. Labis na ang sampung hayop.

_____ 14. Guguhit ka ba ng mga puno sa likod ng karton?

_____ 15. Gagayahin ko ang larawan ng kagubatan sa aklat na ito.

_____ 16. Magdaragdag ka ba ng maliit na lawa sa tirahang ito?

_____ 17. Magandang ideya iyan!

_____ 18. Mas mabuti kung magsulat ka ng maikling deskripsiyon ng tirahan.

_____ 19. Sa wakas, natapos rin natin ang *diorama*!

_____ 20. Maraming salamat sa iyo, Kuya Mark!